Lungsod ng Long Beach
Mga Opisyal ng Lungsod

MGA OPISYAL NG LUNGSOD NG LONG BEACH

Ang Lungsod ng Long Beach, California ay isang municipal corporation na binuo noong 1897. Gumagamit ang Long Beach ng Council-Manager na anyo ng gubyerno. Mayroong siyam na hinalal na miyembro ng konseho na hinalal ng mga mamamayan ng kanilang distrito at isang alkaldeng hinalal ng buong lungsod. Bilang karagdagan, may hinalal na abogado ng lungsod, isang prosecutor ng lungsod at isang auditor ng lungsod. Ang bawat hinalal na opisyal ay hinalal para sa apat na taong termino. Ang mga miyembro ng konsehong kumakatawan sa mga distritong may odd na numero, ang alkalde at iba pang mga opisyal ng lungsod ay sabay-sabay na hinahalal. Ang mga nasa distritong even ang numero ay hinahalal sa isang apat na taong cycle, dalawang taon pagkatapos ng eleksyon sa buong lungsod.

Ang alkalde at ang konseho ng lungsod, ang lehislaturang sangay ng gubyerno ng lungsod, ay responsable sa pagtalaga ng dalawang opisyal, ang tagapamahala ng lungsod at ang clerk ng lungsod. Itinatalaga din ng lehislatibong sangay ang mga miyembro ng mga komisyong minandato ng charter at lahat ng iba pang mga komisyon at komite.

Bisitahin ang mga indibidwal na page ng bawat opisyal at matuto nang higit pa tungkol sa iyong gobyerno.

SINO ANG AKING MIYEMBRO NG KONSEHO?

Ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay binubuo ng 9 na distrito ng konseho. Ang bawat miyembro ng konseho ay hinahalal ng mga botante ng distritong kinakatawan nila. Mayroong maraming paraan kung paano malaman kung sino ang kumakatawan sa iyong mga interes sa tahanan o sa negosyo.

Tingnan ang isang mapang may mga linya ng hangganan at pangalan ng mga kalye.
I-access ang web site ng Los Angeles County Registrar upang hanapin ang iyong Distrito ng Konseho ng Lungsod pati na rin ang iba pang distrito ng lokal, estado at bansa para sa iyong tinitirhan o negosyo.

LEHISLATIBONG SANGAY

- **Alkalde** - Robert Garcia
- **Distrito 1** - Lena Gonzalez
- **Distrito 2** - Jeannine Pearce
- **Distrito 3** - Suzie Price
- **Distrito 4** - Daryl Supernaw
- **Distrito 5** - Stacy Mungo
- **Distrito 6** - Dee Andrews
- **Distrito 7** - Roberto Uranga
- **Distrito 8** - Al Austin
- **Distrito 9** - Rex Richardson

MGA OPISYAL NA HINALAL NG LUNGSOD

- **Abogado ng Lungsod** - Charles Parkin
- **Auditor ng Lungsod** - Laura L. Doud
- **Prosecutor** - Doug Haubert

MGA ITINALAGANG OPISYAL

- **Tagapamahala ng Lungsod** - Patrick H. West
- **Clerk ng Lungsod** - Monique DeLaGarza